

Pangalan _____

Petsa _____

Magbasa tayo!



Ang Bahay na Gawa ni Lucas

Hango sa "This is the House That Jack Built"



Ito ang bahay na gawa ni Lucas.
Ito ang bigas sa bahay
na gawa ni Lucas.




Ito ang daga na kumain ng bigas
sa bahay na gawa ni Lucas.



Ito ang pusa na nakahuli sa daga
na kumain ng bigas
sa bahay na gawa ni Lucas.

Ito ang aso na humabol sa pusa
na nakahuli sa daga
na kumain ng bigas
sa bahay na gawa ni Lucas.



Ito ang baka na sinaway ang aso
na humabol sa pusa
na nakahuli sa daga
na kumain ng bigas
sa bahay na gawa ni Lucas.

Magbasa tayo!




Ito ang babae na kumuha ng gatas sa baka
na sinaway ang aso
na humabol sa pusa
na nakahuli sa daga
na kumain ng bigas
sa bahay na gawa ni Lucas.



Ito ang pari na nagkasal kay Lucas at sa babae
na kumuha ng gatas sa baka
na sinaway ang aso
na humabol sa pusa
na nakahuli sa daga
na kumain ng bigas
sa bahay na gawa ni Lucas.




Ito ang tandang na gumigising sa pari
na nagkasal kay Lucas at sa babae
na kumuha ng gatas sa baka
na sinaway ang aso
na humabol sa pusa
na nakahuli sa daga
na kumain ng bigas
sa bahay na gawa ni Lucas.




Magbasa tayo!



Ito ang magsasaka na may-ari ng tandang
na gumigising sa pari
na nagkasal kay Lucas at sa babae
na kumuha ng gatas sa baka
na sinaway ang aso
na humabol sa pusa
na nakahuli sa daga
na kumain ng bigas
sa bahay na gawa ni Lucas.



Ito ang kabukiran ng magsasaka
na may-ari ng tandang
na gumigising sa pari
na nagkasal kay Lucas at sa babae
na kumuha ng gatas sa baka
na sinaway ang aso
na humabol sa pusa
na nakahuli sa daga
na kumain ng bigas
sa bahay na gawa ni Lucas.



Pangalan _____ Petsa _____



Kaya mo ito!


Panuto: Gumuhit ng linya upang itambal ang larawan ng hayop sa salita para rito. Kulayan ang mga larawan.



• baka




• tandang



• daga



• aso



• pusa

Pangalan _____ Petsa _____



Kaya mo ito!

Pagsusulit Tungkol sa Binasa

Panuto: Piliin sa ibaba ang salita na bubuo sa pangungusap batay sa binasa mo. Isulat ang salita sa patlang.

tandang	gatas	magsasaka	baka	bahay
bigas	pusa	Lucas	kabukiran	aso

1. Si Lucas ay gumawa ng _____.
2. Kinain ng daga ang _____.
3. Hinuli ng _____ ang daga.
4. Hinabol ng _____ ang pusa.
5. Sinaway ng _____ ang aso.
6. Ang babae ay kumuha ng _____ mula sa baka.
7. Ang babae ay asawa ni _____.
8. Nagigising ang pari dahil sa tilaok ng _____.
9. Ang _____ ang nag-aalaga sa tandang.
10. Ang magsasaka ay nakatira sa _____.

Pangalan _____

Petsa _____



Kaya mo ito!

Pagsusulit Tungkol sa Binasa

Basahin ang tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino ang gumawa ng bahay?
 - a. Ang pari ang gumawa ng bahay.
 - b. Ang magsasaka ang gumawa ng bahay.
 - c. Si Lucas ang gumawa ng bahay.

2. Sino ang kumain ng bigas?
 - a. Ang magsasaka ang kumain ng bigas.
 - b. Ang daga ang kumain ng bigas.
 - c. Ang tandang ang kumain ng bigas.

3. Sino ang humabol sa pusa?
 - a. Ang baka ang humabol sa pusa.
 - b. Si Lucas ang humabol sa pusa.
 - c. Ang aso ang humabol sa pusa.

4. Sino ang gumigising sa pari tuwing umaga?
 - a. Ang tandang ang gumigising sa pari tuwing umaga.
 - b. Ang magsasaka ang gumigising sa pari tuwing umaga.
 - c. Ang aso ang gumigising sa pari tuwing umaga.

5. Sino ang may-ari ng tandang?
 - a. Ang pari ang may-ari ng tandang.
 - b. Ang magsasaka ang may-ari ng tandang.
 - c. Si Lucas ang may-ari ng tandang.

6. Ano-anong mga hayop ang ibinanggit sa binasa mo?
 - a. daga, pusa, aso, baka, tandang
 - b. daga, pusa, aso, kalabaw, tandang
 - c. daga, pusa, aso, bibe, baka